# O Sugo ni Allah,muntik ng hindi ako makapagdasal ng Asr hanggang sa muntik ng lumubog ang araw,Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: Sumpa sa Allah! Hindi ako nakapagdasal nito,Nagsabi siya: Tumayo kami at [pumunta sa] isang lambak,nagsagawa siya ng wudhu para sa pagdarasal at nagsagawa kaming dalawa ng wudhu sa kanya,Nagdasal siya ng Asr pagkatapos lumubog ng araw ,pagkatapos ay nagdasal siya pagkatapos nito ng Maghrib))

Ayon kay Jābir bin `Abdullāh, malugod si Allah sa kanilang dalawa.-(( Katotohanang si `Umar bin Al-khattab-malugod si Allah sa kanya-ay dumating sa Araw ng Khandaq,pagkatapos lumubog ng araw,at iniinsulto niya ang mga Quraysh na hindi mananampalataya,at kanyang sinabi: O Sugo ni Allah,muntik ng hindi ako makapagdasal ng Asr hanggang sa muntik ng lumubog ang araw,Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-: Sumpa sa Allah! Hindi ako nakapagdasal nito,Nagsabi siya: Tumayo kami at [pumunta sa] isang lambak,nagsagawa siya ng wudhu para sa pagdarasal at nagsagawa kaming dalawa ng wudhu sa kanya,Nagdasal siya ng Asr pagkatapos lumubog ng araw ,pagkatapos ay nagdasal siya pagkatapos nito ng Maghrib))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Dumating si `Umar bin Al-Khattab-malugod si Allah sa kanya- sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa araw ng Khandaq,pagkatapos lumubog ng araw habang siya ay iniinsulto ng mga Quraysh na hindi mananampalataya;dahil inabala nila ito sa pagdarsal ng Asr,hindi siya nakapagdarsal nito hanggang sa lumapit ang araw sa paglubog ;Nanumpa ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na siyang painakatapat na tao-na hindi siya nakapagdasal nito hanggang ngayon,upang mapanatag si "`Umar-malugod si Allah sa kanya" na nag-aalinlangan sa nangyayari. Pagkatapos ay tumayo ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at nagsagawa siya ng wudhu,at sumama sa kanya ang mga kasamahan niya,Nagdasal siya ng `Asr pagkatapos lumubog ang araw,at pagkatapos nito magdasal ng A`sr ay nagdasal siya ng Maghrib.